United Nations Committee on
the Rights of the Child

# General Comment No. 26

tungkol sa:

## Mga karapatan ng mga bata at ang kapaligiran na may espesyal na pokus sa pagbabago ng klima



Bersyon para sa mga bata

2023



Ang United Nations Convention on the Rights of the Child ay isang mahalagang kasunduan ng mga bansa na nangakong protektahan ang mga karapatan ng mga bata. Ipinaliliwanag ng Convention kung sino ang mga bata, ang lahat ng kanilang karapatan, at ang mga responsibilidad ng mga pamahalaan na pangalagaan, itaguyod, at tuparin ang mga karapatan ng mga bata.

Ang Committee on the Rights of the Child ay isang grupo ng 18 eksperto sa usaping karapatan ng mga bata na nagmula sa iba't ibang panig ng mundo. Ang Committee o Komite ay nagpupulong tatlong beses kada taon sa Geneva, Switzerland upang talakayin kung paano isinusulong at pinoprotektahan ang mga karapatan ng mga bata sa bawat bansang lumagda sa Convention. Ito'y nagbibigay din ng rekomendasyon sa mga bansang lumagda kung paano nila dapat paghusayin ang pagsusulong sa karapatan ng mga bata.

Ang Komite ay sumulat ng isang dokumento na tinatawag na General Comment o Pangkalahatang Komento na nagpapaliwanag sa mga pamahalaan kung ano kaugnayan ng mga karapatan ng mga bata sa kalikasan at pagbabago ng klima, at kung ano ang dapat gawin ng mga pamahalaan upang maprotektahan ang mga karapatang ito. Binabasa mo ngayon ang isang bersyon ng General Comment na nabuo para sa mga bata, kasama ang mga myembro ng Children's Advisory Team para sa General Comment No. 26.

# Panimula

Ang pagkasira ng kapaligiran ay isang malaking banta sa mga karapatan ng mga bata sa buong mundo. Ang mga bata ay nananawagan ng agarang aksyon upang mapangalagaan ang kanilang mga karapatan. Ang isang malinis, malusog, at sustenableng kapaligiran ay isa ring karapatang pantao, at kinakailangan ito ng mga bata upang kanilang matamasa ang sariling mga karapatan. Ang General Comment na ito ay nagpapaliwanag kung bakit kinakailangan ang kagyat na pagkilos para sa kalikasan at klima at kung ano ang dapat gawin ng mga pamahalaan upang maprotektahan ang lahat ng karapatan ng mga bata. Nililinaw din nito na kailangang protektahan ng mga pamahalaan ang mga karapatan ng mga bata ngayon gayundin ang mga bata sa mga susunod na henerasyon.

Ang mga pagsisikap ng mga bata na manindigan para sa kanilang mga karapatan sa kapaligiran ay ang naghikayat sa Komite na likhain ang General Comment na ito. Ang mga bata ay may napakahalagang papel sa pagbuo nito: **16,331 bata** mula sa **121 bansa** ang nagbahagi ng kanilang mga pananaw at ideya sa mga konsultasyon na isinagawa kasama ang mga myembro ng Children's Advisory Team para sa General Comment No. 26. Ang mga sipi mula sa mga bata sa General Comment ay mula sa mga naganap na konsultasyon.

*"Gusto kong sabihin sa kanila [mga nakatatanda] na tayo ang susunod na henerasyon at kung sisirain ninyo ang planeta, saan na kami titira?!*

**(Batang lalaki, edad 13, India)**

*Ang animated na bidyo at ang bersyong poster para sa mga bata, kabilang ang mga sipi mula sa mga sa bata sa General Comment ay makikita sa:*

childrightsenvironment.org

# Paano nauugnay ang mga karapatan ng mga bata sa kapaligiran at pagbabago ng klima?

Ang lahat ng karapatan ng mga bata ay magkakaugnay at magkasinghalaga. Ang ilang mga karapatan ay partikular na nahaharap sa banta ng pagkasira ng kapaligiran at pagbabago ng klima. Ang ilang mga karapatan ay may mahalagang papel sa pagprotekta sa mga bata – tulad ng kanilang karapatan sa edukasyon.




## Artikulo 2 — Karapatan sa kawalang-diskriminasyon

Ang pagkasira ng kapaligiran ay maaaring maging isang mas malaking banta para sa ilang mga grupo ng mga bata, laluna ang mga Katutubong bata, mga batang kabilang sa mga grupong minorya, mga batang may kapansanan, at mga batang naninirahan sa mga lugar na mas apektado ng mga kalamidad at pagbabago ng klima. Ang mga pamahalaan ay kailangang mangolekta ng impormasyon upang mas malaman ang mga di-pagkakapantay-pantay ng mga grupo, at gumawa ng mga partikular na aksyon upang mabigyan ng kalutasan ang mga ito. Kapag ang mga pamahalaan ay may aksyong pangkapaligiran, dapat silang gumawa ng karagdagang pag-iingat upang hindi ito magkaroon ng negatibong epekto sa mga bata.





## Artikulo 3 — Pinakamabuti para sa bata

Kapag gumagawa ng mga desisyon tungkol sa kapaligiran at pagbabago ng klima, dapat isaalang-alang ng mga pamahalaan ang mga magiging epekto nito sa mga bata, at ang kanilang mga suporta para sa kagalingan at pag-unlad ng mga bata ngayon at sa hinaharap.

## Artikulo 6 — Karapatan sa buhay, kaligtasan ng buhay at pag-unlad

Ang mga bata ay may karapatang mabuhay, lumaki at umunlad sa maayos at ligtas na kapaligiran at magkaroon ng kinakailangang suporta. Ang kanilang buhay ay hindi kailanman dapat ilagay sa panganib bunsod ng pagsira sa kapaligiran tulad ng polusyon o lead exposure.



## Artikulo 12 — Karapatan na mapakinggan



Ang mga bata ay dapat seryosohin ng mga nakatatanda at magkaroon ng boses sa mga usaping may kaugnayan sa kapaligiran at pagbabago ng klima. Dapat isangkot ng mga pamahalaan ang mga bata kapag gumagawa ng mga desisyon tungkol sa kapaligiran at pagbabago ng klima, at tiyakin na nagbibigay sila ng katugunan o feedback sa mga bata tungkol sa kung paano isinasaalang- alang ang kanilang mga pananaw.

## Artikulo 13, 15 — Karapatan sa kalayaan sa pagpapahayag, asosasyon, at mapayapang pagtitipon



Palaging naninindigan ang mga bata para sa kanilang mga karapatan sa kapaligiran bilang mga tagapagtanggol ng karapatang pantao. Marami ring bata ang naglalaan ng oras kasama ang mga kaibigan at grupo kung saan sila'y nagbabahaginan ng impormasyon at ideya. Dapat suportahan ng mga pamahalaan ang mga bata sa pagpapahayag ng kanilang mga sarili sa pamamagitan ng pagbibigay sa kanila ng ligtas at nagbibigay-kapangyarihang puwang para gawin ito. Dapat magpatibay ng mga batas ang mga pamahalaan upang maprotektahan ang mga tagapagtanggol ng karapatang pantao ng bata.



## Artikulo 13, 17 — Pagkakaroon ng impormasyon

Dapat tiyakin ng mga pamahalaan na ang mga bata ay magkaroon ng malinaw at tamang impormasyon tungkol sa kapaligiran at klima, kabilang ang impormasyon tungkol sa mga plano at desisyon na ginagawa, at tungkol sa mga aksyon na maaaring gawin mismo ng mga bata. Ang impormasyon ay dapat ibahagi sa iba't ibang paraan upang maunawaan ito ng mga bata na may iba't ibang edad at pinagmulan.

## Artikulo 19 — Ang karapatan sa kalayaan mula sa lahat ng anyo ng karahasan

Ang pagkasira ng kapaligiran at pagbabago ng klima ay maaaring tumungo sa mga pabago-bago o hindi mga istableng sitwasyon, mga tunggalian at di-pagkakapantay-pantay na naglalagay sa mga bata sa mas mapanganib na sitwasyon ng pisikal at sikolohikal na karahasan. Ang mga pamahalaan ay dapat gumawa ng dagdag pang mga pagsisikap upang maprotektahan ang mga bata sa pamamagitan ng paglalaan ng mga serbisyo para sa mga bata at paghahanap ng paraan para mabigyan ng kalutasan ang kadahilanan ng karahasan.



## Artikulo 24 — Karapatan sa kalusugan

Ang pisikal at mental na kalusugan ng mga bata ay hindi dapat maapektuhan ng pagbabago ng klima, polusyon, di malusog na sistema sa ekolohiya (ecosystem), at pagkawala ng pagkasari-sari ng buhay (biodiversity). Kapag ang bata ay kumakaharap sa mga usaping pangkalusugan, dapat silang makaangkin ng pangkalusugang pangangalaga at suporta.



## Artikulo 26, 27

### Karapatan sa panlipunang seguridad at disenteng pamumuhay

Dapat magkaroon ang mga bata ng ligtas na pagkain, malinis na tubig, disenteng tirahan at mga kagamitan na kinakailangan upang sila'y mabuhay at lumaking maunlad.  Kailangang tiyakin ng mga pamahalaan na ang mga bata ay hindi nabubuhay sa kahirapan o hindi ligtas na kalagayan.

## Artikulo 28, 29

### Karapatan sa edukasyon

Dapat mabigyan ang mga bata ng tama at madaling maintindihan na pangkapaligirang edukasyon. Ang pangkapaligirang edukasyon ay dapat sumusuporta sa mga bata upang sila'y umugnay sa kapaligiran at kanilang igalang ito. Ang mga lugar ng pag-aaral ng mga bata ay dapat ligtas sa pagkasira ng kapaligiran.




## Artikulo 30

### Ang mga Katutubong bata at ang mga batang kabilang sa mga grupong minorya

Ang buhay, kaligtasan, at mga kultural na kagawian ng mga Katutubong bata at mga batang kabilang sa mga grupong minorya ay palaging konektado sa kanilang likas na kapaligiran. Dapat tiyakin ng mga pamahalaan na protektahan ang kanilang mga karapatan at isangkot sila sa lahat ng desisyon na may kaugnayan sa kanilang kapaligiran.

## Artikulo 31

### Karapatang makapagpahinga at makapaglaro

Ang mga bata ay dapat na makapaglaro at maging aktibo sa malinis at ligtas na lugar at umugnay sa ating likas na mundo. Kailangang isaalang-alang ng mga pamahalaan kung saan at paano makapaglaro at makapagpahinga ang mga bata kapag may plano sila para sa mga bagong kapitbahayan o lugar na maaaring puntahan ng mga bata.



## Karapatan sa malinis, malusog at sustenableng kapaligiran

Ipinaliliwanag ng Komite na ang mga bata ay may karapatan sa malinis, malusog at sustenableng kapaligiran. Kailangan ng mga bata ng malinis na kapaligiran upang kanilang matamasa ang lahat ng kanilang karapatang pantao. Dapat magkaroon ang mga bata ng malinis na hangin at tubig, ligtas na klima, malusog na ekosistema at biyodibersidad, masustansyang pagkain at hindi maruming  kapaligiran.

# Ano ang kailangang gawin ng mga pamahalaan upang maprotektahan ang karapatan ng mga bata, kabilang ang kanilang karapatan sa isang malinis, malusog at sustenableng kapaligiran?




- **Igalang, protektahan, at tuparin** ang mga karapatan ng mga bata sa pamamagitan ng pagsagawa ng mapagpasya at kongkretong mga hakbang upang maisakatuparan ang kanilang mga pangako na ang bawat bata ay lumaki sa isang malinis, malusog, at sustenableng kapaligiran.

- Magsagawa ng regular na **Mga Pagtatasa sa Epekto sa mga Karapatan ng mga Bata (Child Rights Impact Assessment)** para maunawaan (at maresolba) kung paano makakaapekto (o nakaapekto) sa mga bata ang kanilang mga desisyon – pagbibigay ng espesyal na pansin sa pagkakaiba-iba ng mga epekto sa mga bata sa lahat ng edad at pinagmulan.

- Tiyakin na iginagalang din ng **mga negosyo** ang mga karapatan ng mga bata sa pamamagitan ng pagpatibay ng mga batas, mga regulasyon, at mga patakaran upang mahadlangan ang mga kompanya sa paglikha ng polusyon at pagpinsala sa mga bata, at upang matiyak na ang mga negosyo ay hindi nagtatago sa kanilang mga epekto sa kapaligiran.


- Tiyakin na ang mga bata ay sinusuportahan sa kanilang **pagkakaroon ng hustisya** - ibig sabihin, mga solusyon, suporta, at kabayaran para sa mga pinsala at mga kinahihinatnan na kanilang nararanasan – sa mga pambansa, rehiyonal at internasyonal na antas.

- **Makipagtulungan sa pamahalaan ng ibang bansa** dahil ang mga problema tungkol sa kapaligiran ay hindi tumitigil sa hangganan ng isang bansa. Ang mga bansang may pinakamalaking pananagutan sa negatibong epekto nito sa kapaligiran at may pinakamaraming mapagkukunan ng rekurso ay dapat gumawa ng karagdagang aksyon at magbigay ng suporta sa mga bansang pinakaapektado.

***"Hindi masosolusyunan ang pag-init ng mundo (global warming) at iba pang problema kung walang pakipagtulungan sa pandaigdigang antas."***

(Batang babae, 11, Tsina)







Dapat isaalang-alang ng mga pamahalaan ang mga karapatan ng mga bata sa lahat ng desisyon tungkol sa **pagbabago ng klima** at isaalang-alang ang pagbabago ng klima sa mga desisyon patungkol sa mga bata.

## Dapat nilang:

- **Bawasan o i-mitigate** ang epekto ng pagbabago ng klima – ibig sabihin, pagtupad sa kanilang mga pangako na limitahan ang pag-init ng planeta, pagsunod sa sinasabi ng mga siyentipiko tungkol sa pagbabago ng klima, at pagsagawa ng agarang aksyon.

- Isangkot ang mga bata sa pagbuo ng mga plano sa pag-aangkop (adaptation), mga desisyon at mga solusyon at protektahan ang mga bata na nakararanas na ng mga epekto ng pagbabago ng klima. Kabilang dito ang pagpapalakas sa mga istruktura ng paaralan at tubo ng tubig laban sa mga bagyo, pagbaha at iba pang masasamang panahon, at pagbibigay ng mga suplay ng pagkain panahon ng emerhensiya.

- Bigyan ng tulong pinansyal at teknikal ang mga bansang dumadanas ng mga kawalan at pinsala na nakakaapekto sa karapatan ng mga bata.

- Tiyakin na ang mga negosyo, kabilang ang mga pandaigdigang negosyo sa higit sa isang bansa, ay hindi negatibong nakakaapekto sa mga karapatan ng mga bata sa pamamagitan ng pagtiyak ng mabilis na pagbawas ng mga negosyo sa kanilang pagbuga ng nakapipinsalang usok o emisyon at paghikayat sa paggamit ng mga renewable na enerhiya.

- Tiyakin na ang anumang pangklimang pinansya ay hindi sumusuporta sa pagkilos na maaaring lumabag sa mga karapatan ng mga bata.



"Ang mga nakatatanda ay [dapat] tumigil sa paggawa ng mga desisyon para sa hinaharap na hindi nila mararanasan. [Kami] ang pangunahing paraan sa paglutas ng pagbabago ng klima dahil buhay (namin) ang nakataya. "

**(Batang babae, edad 17, Croatia)**



# General Comment

Child rights, environment and climate change



Terre des Hommes
International Federation

Children's
Environmental
Rights Initiative